

Iniinom na Antiepileptic na Gamot

Epilepsy

Ang epilepsy ay sakit sa central nervous system (neurological na sakit) na dahilan upang ang tao ay magkaroon ng pabalikbalik na seizure. Ang seizure ay nangyayari kapag ang aktibidad ng nerve cells sa inyong utak ay naistorbo, dahilan para makaranas ng hindi normal na pag-uugali, sintomas at sensasyon, kabilang na ang pagkawala ng malay. Ang peligro sa pagkakaroon ng epilepsy sa buhay ng isang indibidwal ay sa pagitan ng 3 at 5% neonates, ang mga bata, at ang matatanda ay nasa mataas na tyansa ng pagkakaroon ng sakit.

Ang epilepsy sa pangkalahatan ay nauuri bilang bahagyang (focal) seizure kung saan nasa isang lugar lamang ng utak nagsisimula, at ang pangkalahatang seizure kung saan kasali ang parehong cerebral hemispheres ng sabay mula sa umpisa. Ang bahagyang seizure ay maaaring maging sekundaryang pangkalahatang seizure kung ang mga aktibidad ng nerve cells ay kumalat upang makasama ang buong utak. Ang sintomas ay nag-iiba ayon sa klase ng seizure, at maaaring makasama ang panandaliang pag-aalala, pagkatulala, hindi mapigilang biglaang paggalaw ng mga braso at hita, pagkawala ng malay at sintomas sa pag-iisip.

Lunas

Ang antiepileptic na gamot ay kadalasang unang pinipili bilang lunas. Ang antiepileptic na gamot ay hindi nakagagaling ng epilepsy. Mga 70% ng taong may epilepsy ay mayroong seizure na kontrolado ng antiepileptic na gamot kung iniinom nila ang nasabing gamot ng regular. Kung ang hindi makontrol ng gamot lang ang kundisyon, ang operasyon o ibang uri ng lunas ay maaaring gamitin sa direksyon ng doktor. Ang ibang lunas kasama ang vagus nerve stimulation (pagtanim ng maliit na elektronikong aparato sa ilalim ng balat upang magdala ng kuryente para pasiglahin ang mga nerves). At ketogenic diet (diyeta kung saan ay mataas ang taba at mababa sa carbohydrates at protina) na minsan ay ipinapayo sa mga bata.

Lahat ng rehistradong antiepileptic na gamot sa Hong Kong ay mabibili sa pormang iniinom na dosis hal. tableta, kapsula, syrups at solusyon. Ang iba sa kanila ay mabibili

din sa pormang isinasaksak. Lahat ng produktong ito ay gamot na inirereseta lamang at kailangang ibigay ng may mahigpit na tagubilin at rekomendasyon mula sa doktor.

Klasipikasyon ng antiepileptic na gamot

Sa pangkalahatan, ang antiepileptic na gamot ay gumagana sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga antas ng kemikal sa utak na namamahala sa mga pulso ng kuryente, kaya't binabawasan nito ang tyansa ng seizure. Ang tamang pagpili ng antiepileptic na gamot ay nakadepende sa pagiging epektibo nito sa uri ng seizure na naranasan at ang potensyal na masamang epekto. Ang iba pang dahilan tulad mga kasabay na gamot, co-morbidity, edad, at kasarian ay dapat ding isaalang alang.

Ang antiepileptic na gamot ay dapat simulan sa pinakamababang posibleng dosis ng isang gamot upang makuha ang pinakamataas na pagkontrol sa seizure na may kaunting masamang epekto. Kapag ang monotherapy na may first-line antiepileptic na gamot ay nabigo, ang monotherapy na may pangalawang gamot ang dapat ikonsidera. Kapag hindi umayos ang kondisyon, ang kombinasyong therapy na may dalawa o mahigit pang antiepileptic na gamot ay maaaring kailanganin.

Iba't ibang antiepileptic na gamot ay may malaking pagkakaiba sa kanilang mga katangian, na syang umiimpluwensya sa peligro kung magpapalit sa pagitan ng magkaibang gumagawa ng produkto ng partikular na gamot na maaaring magdulot ng masamang epekto o mawalan ng kontrol sa seizure. Kaya't, ang antiepileptic na gamot ay nahahati sa tatlong kategoryang nakabase sa kanilang peligro:

- Kategorya 1: Ipinapayong manatili sa partikular na produkto ng manggagawa. Halimbawa ay ang mga carbamazepine, phenytoin; at phenobarbital (kasingkahulugan: phenobarbitone).
- Kategorya 2: Ang pangangailangan sa patuloy na suplay ng partikular na produkto ng manggagawa ay dapat nakabase sa klinikal na desisyon sa pagkuha ng mga dahilan tulad ng dalas ng seizure at kasaysayan ng paggamot ay dapat isaalang alang. Halimbawa ay ang mga oxcarbazepine, valproate, lamotrigine, clobazam, clonazepam, retigabine, at topiramate.
- Kategorya 3: kadalasan ay hindi kinakailangan na manatili sa isang partikular na produkto ng manggagawa. Halimbawa ay ang mga gabapentin, pregabalin, vigabatrin, levetiracetam, at lacosamide.

Karaniwang masamang epekto at Pag-iingat

Ang bawat antiepileptic na gamot minsan ay maaaring magkaroon ng masamang epekto ng pagkapagod, pagkahilo, hindi mapakali, panlalabo ng paningin, pananakit ng tiyan, sakit ng ulo, problema sa memorya at pag-iisip. Ang pagtaas ng timbang ay maaari ring lumitaw sa valproate, gabapentin, pregabalin at carbamazepine. Ang pagbaba ng timbang ay maaaring lumitaw sa topiramate.

Gamot na antiepileptic	Karaniwang masamang Epekto	Pag-iingat
Gamot sa Kategoriya 1		
1. Carbamazepine	<ul style="list-style-type: none"> • Sakit ng ulo, ataxia^Ω, antok, pagkahilo at di mapalagay • Pagduduwal at pagsusuka • Panlalabo ng paningin • Reaksyon ng Allergy sa balat 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa may sakit sa puso, reaksyon sa balat, kapansanan sa paggawa ng atay o bato • Pagsusuri para sa tao leukocyte antigen (HLA) allele <i>HLA-B*1502</i> sa indibidwal ng pinanggalingan ng Han Chinese o Thai[#] • May kontraindikasyon sa may problema ng pagpapadaloy sa puso (maliban kung paced); kasaysayan ng bone-marrow, depresyon at malalang porphyria [Ⓟ] • Kumuha kaagad ng medikal na atensyon kung magkaroon ng mga sintomas tulad ng lagnat, pantal, mga singaw sa bibig, mga pasa o pagdurugo na mabuo.

<p>2. Phenytoin</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Sakit ng ulo, pagkahilo, pangininginig, biglaang pagkanerbyos, at di pagkatulog • Pagduduwal, pagsusuka at pagtigas ng dumi • Paglambot at hyperplasia ng mga gilagid • Taghiyawat, hirsutism^ψ, at pangangapal ng mukha 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may kapansanan sa paggawa ng atay o diabetes • Pagsusuri para sa <i>HLA-B*1502</i> allele sa mga indibidwal na nanggaling sa Han Chinese or Thai[#] • Humanap kaagad ng medikal na atensyon kung magkaroon ng mga sintomas tulad ng lagnat, pamamaga ng lalamunan, pantal, singaw sa bibig, pasa, o pagdurugo
<p>3. Phenobarbital</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Antok at matamlay • Banayad na pagbabago sa ugali • Hirap sa pag alala at pag memorya • Paradoxical excitement, hindi mapakali, at pag aatubili sa matatanda, at pagkamagagalitin at hyperactivity sa mga bata. • Nystagmus^δ, ataxia^Ω at respiratory depression ay maaaring lumitaw sa mataas na dosis. 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga matatanda, mahihinang tao, mga bata, mga pasyenteng may respiratory depressions (iwasan kung Malala), o sa kapansanan sa bato. • Iwasan sa porphyria^ϕ, malalang hepatic kapansanan sa atay, o sa mga pasyenteng may personal o kasaysayan sa pamilya ng affective disorder.
<p>Gamot sa Kategoriya 2</p>		
<p>4. Oxcarbazepine</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsusuka at pagduduwal, pagtigas ng dumi, pagtatae • Pagkahilo, antok, at sakit ng ulo • Pagkabalisa, pagkalito, pagkalimot, kawalang konsentrasyon 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may hyponatraemia, pagpalya ng dugo, cardiac conduction disorder, o malalang kapansanan sa atay.

	<ul style="list-style-type: none"> • Nystagmus⁶, pagbabago sa paningin • pantal 	<ul style="list-style-type: none"> • Bawasan ang dosis sa mga may kapansanan sa bato • Pagsusuri para sa <i>HLA-B*1502</i> allele para sa indibidwal na may pinanggalingan ng Han Chinese or Thai #porphyria[Ⓞ]
5. Valproate	<ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal, gastric irritation, pagtatae • Dagdag na gana sa pagkain at pagtaas ng timbang • Hyperammonaemia, thrombocytopenia^x • Pansamantalang pagkalugas ng buhok (ang mga bagong tubo ay maaaring maging kulot) 	<ul style="list-style-type: none"> • May kontraindikasyon habang buntis maliban kung walang naangkop na alternatibo upang gamutin ang epilepsy; pagtaas sa peligro ng pagkakaroon ng maling anyo ng sanggol na nalantad sa valproic acid, divalproex sodium habang nasa sinapupunan ng ina; ang sanggol ay magkakaroon din ng mataas na peligro ng pagkakaroon ng hindi tamang pagbuo ng pag-iisip (mababang puntos sa pagsusulit sa pag-iisip) • May kontraindikasyon na gamitin sa mga babaeng maaaring buntis maliban kung gumagamit ng mga pag-iingat upang hindi mabuntis, kasama ang ngunit hindi limitado sa epektibong pagpipigil sa pagbubuntis, ay naipatupad. • May kontraindikasyon sa mga pasyenteng may

		<p>kasaysayan sa pamilya ng malalang kapansanan sa atay, o malalang porphyria[Ⓞ]</p> <ul style="list-style-type: none"> • Iwasan sa may kapansanan sa atay o malalang sakit sa atay. • Kumuha kaagad ng medikal na atensyon kung magkaroon ng sintomas tulad ng sakit sa tuyan, pagduduwal o pagsusuka .
<p>6. Lamotrigine</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal, pagsusuka, pagtatae • Antok at Pagkahilo • Hindi pagkatulog • Pagiging agresibo at magagalitin • Sakit sa likod, arthralgia • Ataxia[Ⓞ], nystagmus[Ⓞ] • Diplopia, panlalabo ng paningin • pantal 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa may hindi paggana ng bato, o banayad hanggang malalang kapansanan sa atay • Maging alerto sa mga sintomas at palatandaan sa hindi paggana ng bone-marrow, tulad ng anemya, pasa, o impeksyon. Humanap kaagad ng medikal na atensyon kung magkaroon ng pantal, palatandaan o sintomas ng hypersensitivity syndrome • Maaaring magkaroon ng mga pantal sa balat habang gumagamit ng lamotrigine; malalang reaksiyon sa balat kasama ang Stevens-Johnson syndrome at toxic epidermal necrolysis ay naiulat, lalo sa mga bata, at kadalasan lumilitaw sa

		<p>loob ng 8 linggo sa pagsisimula ng lamotrigine.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang lamotrigine ay maaaring magdulot ng kakaunti ngunit seryosong reaksyon sa immune system na tinatawag na hemophagocytic lymphohistiocytosis (HLH) na maaaring magdulot ng kamatayan.
<p>7. Clobazam</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Antok at paggaan ng ulo sa sumunod na araw • Pagkalito at ataxia^Ω (lalo sa matatanda) • Pagkalimot • Pag asa sa gamut • Pagdalas ng pagiging agresibo • Paghina ng mga kalamnan • Paglabo ng paningin • Pagbabago ng laway 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may respiratory disease, paghina ng kalamnan at myasthenia gravis^Υ (iwasan kung hindi matatag), kasaysayan sa pagkaabuso sa gamot o alkohol, mayroong personality disorder, malalang porphyria^Φ • May kontraindikasyon sa may respiratory depression, malalang pulmonary insufficiency, sleep apnoea syndrome • Humanap kaagad ng medikal na atensyon kung magkaroon ng mga sintomas tulad ng pantal, pagpapaltos o pagbabalat ng balat, sugat sa bibig, o malalaking pantal

<p>8. Clonazepam</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagkaantok (lumitaw sa 50% ng mga pasyente sa pagsisimula sa gamot) • Muscle hypotonia, hindi pagkakaroon ng koordinasyon ng kalamnan • Mahinang konsentrasyon, pagkalimot • Pag-asa sa gamot • Hindi mapakali, pagkalito • Hypersecretion sa mga sanggol at maliliit na bata • Nystagmus^δ 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa matatanda at mahihinang mga pasyente, mga pasyenteng sa sakit sa paghinga, pagbabara sa daanan ng hangin, spinal o cerebellar ataxia^ϕ, pinsala sa utak; karanasan ng pagabuso sa gamot at alkohol, depresyon o pag-iisip ng pagpapakamatay, myasthenia gravis (iwasan kung hindi matatag); malalang porphyria^ϕ, malalang kapansanan sa atay. • May kontraindikasyon sa may respiratory depression, malalang pulmonary insufficiency, sleep apnoea syndrome, coma, kasalukuyang pagkaabuso sa gamot o alcohol
<p>9. Retigabine</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Dagdag na gana sa pagkain at pagtaas ng timbang • Pagduduwal, pagtigas ng dumi, impatso, panunuyo ng bibig • Pagka antok, pagkahilo • Dysuria • Karamdaman • Panginginig, kawalang koordinasyon • Pagkalito, pag aalala • Paglabo ng paningin, diplopia, pag-iiba ng kulay ng laman sa mata 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may peligro ng pagpapanatili ng ihi at alam na problema sa pagpapadaloy ng kuryente sa puso • Bawasan ang dosis sa may kapansanan sa atay at bato

<p>10. Topiramate</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Ataxia^Ω • Kapansanan sa konsentrasyon, pagkalito, hirap sa pagmemorya at katalasan • Pagkahilo at antok • Pagod • Pagkabalisa at pagbabago ng kaugalian • Pagduduwal • Paglabo ng paningin • Pagbaba ng timbang • Renal calculi 	<ul style="list-style-type: none"> • Ang topiramate ay maaaring makasakit sa sanggol sa sinapupunan kapag ginamit ng isang buntis. Ang mga sanggol na nalantad sa topiramate habang nasa sinapupunan ng kanilang ina ay may mataas na tyansa sa peligro ng pagka bingot at/o cleft palate (oral cleft). Hindi dapat gamitin habang buntis maliban na lang kung ang benepisyo ng paggamit ay mas malaki kaysa sa peligro nito. Kung ang gamot na ito ay ginamit habang nagbubuntis ,o kapag nabuntis ang pasyente habang gumagamit ng gamot, ay dapat ipaalam sa pasyente ang maaaring mangyari sa sanggol. • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may peligro ng metabolic acidosis, o renal calculi (siguruhing may sapat na tubig sa katawan), kapansanan sa bato, o katamtaman hanggang malalang kapansanan sa atay • Iwasan sa may malalang porphyria[Ⓞ]
<p>Gamot sa Kategoriya 3</p>		

<p>11. Gabapentin</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagkalasing • Pagkahilo • Ataxia^Ω • Pagod • Pagduduwal at pagsusuka, tuyong bibig, impatso, pagtatae • Pagtaas ng timbang, pamamaga • Pagkalimot • Pharyngitis, rhinitis • Arthralgia, myalgia • Pagkalito, depresyon at nerbyos 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga matatanda, pasyenteng may diabetes mellitus, kasaysayan ng sakit sa pagiisip, kapansanan sa bato, at sa mga sumasailalim sa haemodialysis • Mga pasyenteng nangangailangan ng magkasabay na gamot ng opioids ay dapat obserbahang mabuti para sa palatandaan ng depresyon sa central nervous system (CNS), tulad ng kalasingan, pagpapatahimik at respiratory depression. Ang mga pasyenteng gumagamit ng gabapentine at morphine ng magkasabay ay maaaring makaranas ng pagtaas ng konsentrasyon ng gabapentin. Ang dosis ng gabapentin o opioids ay dapat bawasan ng naaangkop. • Ang gabapentin ay nauugnay sa malalang respiratory depression. Ang mga pasyenteng may nakompromisong respiratory function, respiratory o neurological na kapansanan, kapansanan sa bato, ang
-----------------------	--	---

		<p>magkapanabay na gamit ng CNS depressants at ang matatanda ay maaaring may mataas na peligro na maranasan ang malalang masamang epekto na ito. Ang pagsasaayos ng dosis ay maaaring kinakailangan sa mga pasyenteng ito.</p>
12. Pregabalin	<ul style="list-style-type: none"> • Kalasingan • Paglabo ng paningin, diplopia • Dagdag gana sa pagkain at pagtaas ng timbang • Panunuyo ng bibig, pagtigas ng dumi, pagsusuka, kabag • Euphoria, pagkalito • Kawalang kakayahan sa pagtatalik • Karamdaman sa memorya at koordinasyon 	<ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may malalang congestive heart failure, at mga pasyenteng may kondisyon na maaaring makabuo ng encephalopathy. • Peligro ng CNS depression kung kasabay na gagamitin ng opioids
13. Vigabatrin	<ul style="list-style-type: none"> • Pagka antok • Pagod • Pagiging magulo at pagkabagabag (sa mga bata) • Sakit ng ulo • Ataxia^o and paraesthesia • Karamdaman sa konsentrasyon at memorya • Pagtaas ng timbang at pamamaga • Hindi naitatama na problema sa paningin 	<ul style="list-style-type: none"> • Pag- iingat sa mga matatanda; mga pasyenteng may kasaysayan ng sakit sa pag-iisip, depresyon, o problema sa pag uugali; walang seizure • May kontraindikasyon sa mga pasyenteng may kapansanan sa paningin • Maingat na pagbabantay para sa anumang bagong makikitang sintomas na mabubuo,at agad na humanap ng medikal na atensyon sa oras na mangyari ito.

14. Levetiracetam	<ul style="list-style-type: none"> • Pagkalasing • Panghihina • pagkahilo • Pagkawala ng gana sa pagkain • pagduduwal • Pagtatae • Pagbabago sa timbang • Ataxia^Ω • Panginginig • Hindi pagkatulog • Diploopia • Pagkalagas ng buhok 	<ul style="list-style-type: none"> • Ingatan sa mga pasyenteng may kapansanan sa bato, o malalang kapansanan sa atay.
15. lacosamide	<ul style="list-style-type: none"> • Pagkahilo • Sakit ng ulo • Pagduduwal • Diploopia • Depresyon • Abnormal na koordinasyon • Hirap sa pag memorya • Pagkalasing • Panginginig • Paglabo ng paningin • Vertigo • Sakit sa tiyan 	<ul style="list-style-type: none"> • Pag-iingat sa mga matatanda, o mga pasyenteng may malalang sakit sa puso (tulad ng kasaysayan ng myocardial infarction o pagpalya ng puso), malalang kapansanan sa atay o bato. • May kontraindikasyon sa mga may problema sa daluyan ng puso

Ω Ataxia – Kakulangan sa koordinasyon ng mga kalamnan habang gumagalaw , tulad ng paglalakad o pagpulot ng mga bagay.

HLA-B*1502 Test – mga indibidwal na may HLA-B*1502 allele ay may mataas na peligro ng pagkakaroon ng malalang reaksyon sa balat (hal. Stevens-Johnson syndrome at Toxic Epidermal Necrolysis) kapag ginagamit ang nasabing gamot.

Φ Porphyrria - Isang metabolic disorder na nagreresulta ng pagkakaroon ng porphyrin sa katawan, na umaapekto sa nervous system at/o balat.

ψ Hirsutism - Hindi kanais nais na kawangis ng lalake na pagtubo ng buhok sa babae.

δ Nystagmus – mabilis at pabalik balik na paggalaw ng sa mata

χ Thrombocytopenia - Mababang bilang ng platelet

Υ Myasthenia gravis - Panghihina at mabilis mapagod ng anumang kalamnan sa ilalim ng boluntaryong pagkontrol.

Pag-aalis

Iwasan ang biglaang pag aalis, partikular na ang phenytoin, clobazam at clonazepam, dahil maaari itong makapagdulot ng malalang pagbalik ng seizure. Kahit sa mga pasyenteng walang seizure ng ilang tao, mayroong makabuluhang peligro ng pag-ulit ng seizure sa pag aalis ng gamot.

Ang gamot na antiepileptic ay dapat lamang alisin sa ilalim ng patnubay ng doktor, at ang dosis ay dapat na dahan dahang binabawasan ayon sa utos ng doktor

Pangkalahatang Payo sa paggamit ng gamot na antiepileptic

- Inumin ang nasabing dosis ng antiepileptic na gamot araw araw base sa mahabang panahon upang mapigil ang seizure. Ang pagsunod sa pag-inom ng gamot na inireseta ng doktor ay mahalaga para sa pagkontrol ng epilepsy. Huwag tigilan ng biglaan ang paggamit ng gamot na antiepileptic dahil maaaring maging dahilan ito ng seizure.
- Ang karaniwang pagsusuri ng dugo ay kailangan para sa mga piling gamot upang mabantayan ang masamang epekto sa mga panloob na organs, upang matasa ang antas ng dugo sa gamot. Sumunod sa mga nakalaang araw sa pagsusuri ng dugo ayon sa utos ng doktor.
- Iwasan ang sobrang pag-inom ng alak dahil maaari itong maging dahilan ng seizure, gayundin ay mauugnay ito sa gamot na antiepileptic, kaya't mababawasan ang pagiging epektibo nito. Ang gamot na antiepileptic ay maaaring makapagpataas ng epekto ng alkohol, habang ang alkohol ay makapagpapalala ng epekto ng antiepileptic na gamot.
- Kung nakakaramdam ng antok, huwag magpatakbo ng makinarya. Ang mga pasyenteng nagdudusa sa epilepsy ay hindi dapat humawak ng lisensya sa pagmamaneho sa Hong Kong.
- Magkaroon ng sapat na tulog dahil ang kakulangan nito ay maaaring makapag pasimula ng seizure. Siguruhing magkaroon ng sapat na pahinga bawat gabi.
- Mag ehersisyo ng regular dahil ang pag-eehersisyo ay maaaring makatulong upang maging malusog ang pangangatawan at mabawasan ang depresyon. Siguraduhin na uminom ng sapat na tubig at magkaroon ng pahinga kapag napagod habang nag-eehersisyo.
- Ang stress ay maaaring magdulot ng seizure para sa ibang tao. Ang

pagpapaghinga sa stress at pagpapahingang therapy tulad ng ehersisyo, yoga, at meditation ay makakatulong.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Makipag usap sa inyong doktor para sa pinakamagandang piling lunas. Ang inyong doktor ay magrereseta ng pinakaangkop na gamot sa inyo matapos ikonsidera ang inyong kondisyon at tugon sa gamot.
- Bantayan ang anumang hindi pangkaraniwan at seryosong epekto na mabubuo. Kapag nakaranas ng anumang sintomas, tawagan kaagad ang inyong doktor.
- Kaagad na ipagbigay alam sa inyong doktor kung makapansin ng bago o tumaas na pakiramdam ng depresyon, isip ng pagpapakamatay, o hindi pangkaraniwang pagbabago sa pag-uugali.
- Ipaalam sa inyong doktor ang medikal na kasaysayan, dahil ang ibang sakit ay maaaring mangailangan ng espesyal na pag-iingat.
- Huwag uminom ng ibang gamot, kasama ang over-the-counter na gamot o kaagapay na mga gamot tulad ng St. John's Wort, ng hindi muna nakikipag-usap sa inyong doktor. Ang ibang gamot ay maaaring magkaroon ng delikadong pag-uugnay sa inyong antiepileptic na gamot at makapagdudulot ng seizure.
- Kung kayo ay nagpaplanong magbuntis, kailangang talakayin sa inyong doktor ang epekto ng parehong epilepsy, at ang gamot, sa maaaring kalabasan ng pagbubuntis dahil mayroong mataas na peligro ng malalang depekto sa kapanganakan na nauugnay sa paggamit na gamot na antiepileptic. Maaaring baguhin ng inyong doktor ang gamot na antiepileptic upang mapababa ang peligro.
- Sabihin sa inyong doktor kung kayo ay nagpapasuso. Maaaring suriin ng doktor kung ang sanggol ay kailangang bantayan para sa mga masamang epekto ng gamot, lalo kung kayo ay gumagamit ng mahigit sa isang gamot na antiepileptic.

Pag-iimbak ng gamot na antiepileptic

Ang gamot na antiepileptic ay dapat itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat ilagay sa refrigerator. Gayundin, ang gamot ay dapat itago ng maayos sa lugar na hindi maaaring maabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkagalulon nito.

Pagkilala: Ang tanggapan ng Droga ay gustong pasalamatang ang Propesyunal na Kaunlaran at Tiyak na Kalidad (PD&QA) sa kanilang mahalagang ambag para sa preparasyon ng artikulong ito.

Tanggapan ng Droga
Kagawaran ng Kalusugan
Enero 2021